

Nag-aalala ang ilang pamilya na maaaring makaapekto sa kanilang pagkakataon na makakuha ng green card ang paggamit ng mga pampublikong benepisyo. Matutulungan ka ng papel na ito na alamin pa ang tungkol sa iyong sitwasyon at mga pampublikong programa na maaaring makaapekto sa iyong katayuan sa imigrasyon.

Ang mga sumusunod na programa ng gobyerno ay **hindi makakaapekto sa iyong katayuan at aplikasyon sa imigrasyon:**



- Medicaid at iba pang pangangalang pangkalusugan (maliban sa pangmatagalang institusyonal na pangangalaga)
- Ang Programa sa Insurance sa Kalusugan ng Mga Bata (Children's Health Insurance Program, CHIP)



- Tulong sa pagkain ng SNAP
- WIC
- Libre o murang mga tanghalian sa paaralan
- Mga bangko ng pagkain o libreng pagkain



- Pagpapasuri, pagpapagamot at mga bakuna para sa COVID
- Mga pagbabayad dahil sa epekto sa ekonomiya kaugnay ng pandemya (mga stimulus na tseke)



- Kinita at mga kredito sa buwis para sa bata



- Seksiyon 8 at Pampublikong Pabahay
- Mga silungan

ANO ANG PUBLIC CHARGE?

Ang ilang tao na nag-a-apply para sa green card (katayuang Permanenteng Residente ayon sa Batas (Lawful Permanent Resident)) o visa para makapasok sa U.S. ay dapat pumasa sa pagsusuri sa pagiging "public charge," na tinitingnan kung malamang na pangunahing aasa ba siya sa gobyerno para sa suporta sa hinaharap.

Tinitingnan ng mga opisyal sa imigrasyon ang buong sitwasyon ng tao, kasama ang kanyang edad, kita, kalusugan, edukasyon o mga kasanayan, sitwasyon ng pamilya. Kasama rito ang kung ipinangako ng kaanak o ibang tao na may sapat na kita o mapagkukunan na suportahan ka. **2 uri lang ng pampublikong benepisyo ang isinasaalang-alang sa pagsusuri para sa pagiging public charge:**

1. Mga programang cash na tulong na nagbibigay ng mga nagpapatuloy na pagbabayad. Kasama sa mga halimbawa ang "SSI," "TANF," at "Pangkalahatang Tulong."
2. Pangmatagalang institusyonal na pangangalaga, tulad ng sa tahanan para sa pangangalaga, na ang gobyerno ang nagbabayad.

NALALAPAT BA ANG PUBLIC CHARGE SA AKIN?

Ikaw ba o ang iyong mga kaanak ba ay mga mamamayan ng U.S.?

HINDI nalalapat sa iyo ang public charge. Dapat patuloy mong gamitin ang mga programa kung saan kwalipikado ka.



Ikaw ba o ang iyong mga kaanak ba ay may mga green card na?

HINDI nalalapat sa iyo ang public charge kapag nag-renew ka ng iyong green card o nag-a-apply para maging isang U.S. Citizen. Gayunpaman, maaaring nalalapat ito kung aalis ka ng bansa nang higit sa 6 na buwan. Makipag-usap sa isang abogado sa imigrasyon kung nagpapalano kang bumiyahang matagal sa labas ng U.S.



Nag-a-apply ka ba para sa o mayroon ka ba ng isa sa mga sumusunod na katayuan: TPS, U o T Visa, katayuang Asylum o Refugee, o Espesyal na Katayuan para sa Mga Kabataang Imigrante (Special Immigrant Juvenile Status)?

HINDI nalalapat sa iyo ang public charge. Kung mayroon ka na o nasa proseso ka ng pag-a-apply para sa isa sa mga katayuan sa imigrasyon na ito, maaari mong gamitin ang anumang programa ng gobyerno kung saan kwalipikado ka.



Plano mo bang mag-apply para sa green card na nakabase sa pamilya?

Maaaring nalalapat ang public charge. Isasaalang-alang ang iyong kita, edad, kalusugan, edukasyon, mga kasanayan, sitwasyon ng pamilya, at affidavit ng suporta ng sponsor para makita kung malamang na magiging public charge ka sa hinaharap. Ang mga uri lang ng benepisyo na isinasaalang-alang sa pagsusuri para sa pagiging public charge ay ang: mga programang nagbibigay ng mga nagpapatuloy na pagbabayad sa taong nag-a-apply (hindi sa kanyang anak o ibang kaanak, maliban kung ito ang tanging pinagkakakitaan ng aplikante), at pangmatagalang institusyonal na pangangalaga na tulad ng sa tahanan para sa pangangalaga na binabayaran ng gobyerno. Makipag-usap sa may-kaalamang abogado sa imigrasyon bago magsumite ng anumang aplikasyon na nauugnay sa imigrasyon.



SAAN AKO MAKAKAKUHA NG HIGIT PANG IMPORMASYON?

Para sa higit pang mapagkukunan, pumunta sa pifcoalition.org

Makakuha ng libre at isinapersonal na screening. Bisitahin ang www.keepyourbenefits.org.

Para suriin ang buong pangkalahatang-ideya ng USCIS patungkol sa mga mapagkukunan hinggil sa pagiging public charge, bisitahin ang <https://www.uscis.gov/green-card/green-card-processes-and-procedures/public-charge/public-charge-resources>.

